


7

# FILIPINO

**Unang Markahan – Modyul 4:**

## **Kalalabasan ng mga Pangyayari batay sa Sanhi at Bunga nito**



CO\_Q1\_Filipino7\_Module4

**Filipino – Baitang 7**  
**Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 4: Kalalabasan ng mga Pangyayari batay sa Sanhi at Bunga nito**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	JAMES B. LOMOCHO
<b>Editor:</b>	LELITA A. LAGUDA, ANTONETTE S. ESPORA
<b>Tagasuri:</b>	SALLY A. PALOMO
<b>Tagaguhit:</b>	LHRYN T. JARANILLA, JESRENE VALE VERALLO SWELYN E. FORRO
<b>Tagalapat:</b>	GUINEVIER T. ALLOSO
<b>Tagapamahala:</b>	ALLAN G. FARNAZO GILBERT B. BARRERA ARTURO D. TINGSON, JR. PETER VAN C. ANG-UG JULIET F. LASTIMOSA SALLY A. PALOMO GREGORIO O. RUALES

**Department of Education – Region XII**

Office Address: Department of Education Region XII  
Office Address: Regional Center, Brgy. Carpenter Hill, City of Koronadal  
Telefax: (083) 2288825/ (083) 2281893  
Email Address: depedroxii.org Email: region12@deped.gov.ph

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**



Kumusta kaibigan? Muli naririto ang iyong kaibigan na si Kokoy nakahandang gumabay sa iyong paglalakbay. Masaya ka ba sa iyong karanasan sa pagsagot mo sa mga nakaraang modyul?

Dahil sa matagumpay mong nasagutan ang nakaraang tatlong modyul ay masasabi kong nasisiyahan at natututo ka kaibigan! Marami ka na bang nabasang epiko? Sa araling ito, sabay nating basahin at unawain ang Epikong Tudbulol, isang epiko ng mga Tboli. Sa modyul ring ito, matutunan mo namang tukuyin ang kalalabasan ng mga pangyayari batay sa sanhi at bunga nito.

Tara na! Magsimula na tayo. Alam kong kaya mo iyan kaibigan, ikaw pa ba!



## Subukin

Bago tayo magsimula, susubukin ko muna ang iyong kasalukuyang alam.

Huwag kang mag-alala, ito ay panimulang pagsubok lamang. Nais kong sagutin mo ang mga tanong sa abot ng iyong makakaya. Kapag tapos mo nang sagutin ang mga katanungan, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo nang matapat ang iyong mga kasagutan. Kung handa ka na, maaari ka nang mag-umpisa.



I. **Panuto:** Kilalanin ang angkop na bunga sa mga sanhing nakasaad sa bawat bilang. Lagyan ng tsek (/) ang iyong sagot.

1. Ang batang mahilig magbasa  
\_\_\_ lalabo ang mata  
\_\_\_ maraming kaalamang makukuha  
\_\_\_ mahilig din mangopya
2. Ang batang likas na matapat  
\_\_\_ pag nakakita ng pera'y kuha agad  
\_\_\_ ipinagtatanong, isinasauli ang perang makita.  
\_\_\_ madalas mangupit sa bulsa.
3. Ang batang tunay na magalang  
\_\_\_ pamumupo'y di malilimutan.  
\_\_\_ di pinapansin gurong madadaanan.  
\_\_\_ binabati mga kamag-aral lamang.
4. Ang batang may matibay na pananampalataya  
\_\_\_ mahal ang Diyos at kapwa niya.  
\_\_\_ mahal lamang ang mga magulang niya.  
\_\_\_ mahal lamang ang sarili niya.

5. Ang batang may disiplina  
 \_\_\_\_\_ tuloy sa paggawa guro'y wala na.  
 \_\_\_\_\_ nag-iingay pag guro'y wala na.  
 \_\_\_\_\_ tumitigil sa gawain pagkat guro'y di makapapansin

**II. Panuto:** Piliin sa hanay B ang kalalabasan ng mga pangyayari na makikita sa hanay A. Isulat ang titik ng iyong sagot sa linyang nakalaan.

- | A   | B  |
|---|--|
| _____ 6. Laging nanonood ng balita sa TV si Bart.                                       | A. natutuwa sa kanya ang ina                     |
| _____ 7. Tinutulungan ni Arnold ang kanyang ina sa mga gawaing bahay.                   | B. malayo sa pagkahawa ng virus                  |
| _____ 8. Kumakain ng mga masusustansyang pagkain Si Ben araw-araw.                      | C. mataas ang nakuhang marka                     |
| _____ 9. Nagsusuot ng <i>facemask</i> si Rica tuwing umaalis sa kanilang bahay.         | D. malusog ang kanyang pangangatawan             |
| _____ 10. Palaging tinatapos ni Ana ang kanyang mga modyul at pinapasa sa takdang araw. | E. <i>updated</i> sa mga pangyayaring panlipunan |

**III. Panuto:** Basahin ang tekstong nasa kahon at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Piliin ang titik ng wastong sagot.

Mahirap lamang ang mag-anak ni Mang Serdan. Masaya palagi sila.

Lagi silang nagtutulungan sa anumang gawain kaya hindi nag-aaway ang mga anak nila.

11. Alin ang naging bunga ng hindi niya pagkain?

- A. Hindi siya kumain.
- B. Oras na ng tanghalian.
- C. Sumakit ang kanyang tiyan.
- D. Pinagpatuloy ni Sara ang paglalaro.

Oras na ng tanghalian.

Pinagpatuloy ni Sara ang paglalaro.

Sumakit ang kaniyang tiyan dahil hindi siya kumain.

12. Alin ang sanhi sa talata?

- A. Masaya palagi sila.
- B. Hindi nag-aaway ang mga anak nila.
- C. Mahirap lamang ang mag-anak ni Mang Serdan.
- D. Lagi silang nagtutulungan sa anumang gawain.

Araw ng Sabado. Walang pasok ang mga bata.

Naglilinis ang kanyang ina. Napansin niya na pagod na ito kaya siya ay tumulong.

13. Piliin ang bunga sa talata

- a. Araw ng Sabado
- b. Kaya siya ay tumulong
- c. Naglilinis ang kanyang ina.
- d. Napansin niya na pagod na ito.

Nagpunta sina Marites sa parke. Isang batang babae ang nakatingin sa kanya habang sila ay kumakain ng baon nilang pansit.

Nararamdaman niyang nagugutom na ito. Naawa si Marites sa bata kaya binigyan niya ito ng pagkain.

14. Anong naging dahilan sa pagbibigay niya ng pagkain sa bata?

- a. Nagpunta sina Marites sa Parke.
- b. Isang batang babae ang nakatingin sa kanya
- c. kumakain sila ng pansit.
- d. Naawa si Marites sa batang nagugutom.

Si Elyza ay isang manlalaro ng chess. Araw-araw ay nagsasanay siya pagkatapos ng klase. Hindi rin niya pinababayaan ang kanyang pag-aaral. Dahil sa kanyang tiyaga ay palagi siyang nananalo.

15. Ano ang bunga ng kanyang pagsasanay?

- a. Siya ay manlalaro ng chess.
- b. Palagi siyang nananalo.
- c. Nagsasanay siya pagkatapos ng klase.
- d. Hindi niya pinababayaan ang kanyang pag- aaral.

## Aralin

# 2

# KALALABASAN NG MGA PANGYAYARI BATAY SA SANHI AT BUNGA NITO

### A. PANITIKAN:

EPIKONG TUDBULUL: Epiko ng mga Tboli  
*Halaw mula sa disertasyon ni Gng. Carmela Ong*  
(Epiko)

### B. WIKA AT GRAMATIKA:

Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari

### Pinakamahalagang Kasanayan sa Pampagkatuto:

- ✓ Nahihinuha ang kalalabasan ng mga pangyayari batay sa akdang napakinggan **F7PN-Ic-d-2**
- ✓ Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari **F7PB-Id-e-3**






## Balikan



Mahusay kaibigan!

Kahanga-hanga ang iyong galing at tatag sa pagsagot sa mga katanungan sa itaas. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, binabati kita. Kung mababa naman ay huwag kang mag-alala. May pagkakataon ka pang paunlarin ang iyong sarili sa tulong ng modyul na ito.

Ngayon, babalikan muna natin ang iyong napag-aaralan sa ikatlong modyul. Batay sa iyong natutuhan, paano mo bigyang-kahulugan ang salitang **HINUHA**? Magbigay ka nga. Isulat mo ang iyong sagot sa loob ng mga bilog na makikita sa ibaba.





Sa pagkakataong ito, tingnan mo kung ang mga salitang iyong naisip ay makikita mo sa kahulugan ng salitang hinuha.

Ang **hinuha o paghihinuha** (*inferring*) ay isang kasanayan sa pagbibigay ng prediksyon sa mangyayari gamit ang mga pahimaton o *clues*, impormasyon at pangyayari.

O, ano? Tama ba ang mga salitang iyong naisip? Kung hindi, ayos lang iyan kaibigan. Ang mahalaga ay natututo ka.

Sa aralin namang ito ay matututo kang magpaliwanag ng sanhi at bunga sa tulong na rin ng mahihinuha mo batay sa mga pangyayari. Nasasabik ka na ba?



### ***Mga Tala para sa Guro***

Ang Modyul na ito ay inihanda para sa mga mag-aaral upang lubusang matuto at maunawaan ang pinakamahalagang layunin ng pampagkatuto. Naglalaman din ito ng mga gawain at pagsasanay upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral.



## Tuklasin



Kilala mo ba kung sino sila? Sige nga hulaan mo.



**Ilustrasyon ni:** Ihryn T. Jaranilla

Tama! Sila ang mga paborito mong internasyunal na mga Super Heroes na sina Superman, Batman at Wonderwoman.



Ang susunod na mga larawan, kilala mo kaya sila?



**Ilustrasyon ni:** Jesrene Vale Verallo

Tama ka, sila ay mga kilalang superhero sa ating bansa. Sila ay sina Darna, Captain Barbel at Lastikman. Sila ay mga kakaibang tao sapagkat sila ay nagtataglay ng kakaibang lakas at kapangyarihan.



Sa bahaging ito ng modyul ay babasahin mo ang isang epiko ng mga Tboli. Unawain ito nang mabuti at sagutin ang mga tanong hinggil dito.

Alam mo ba kung ano ang tawag sa isang akda na nagsasalaysay ng kabayanihan ng isang taong nagtataglay ng kapangyarihan na humaharap sa mga tagpong kababalaghan at hindi kapani-paniwala sa isang lugar? Ang tawag dito ay EPIKO.

Sige na kaibigan, simulan mo na.

**EPIKONG TUDBULUL:** Epiko ng mga Tboli  
*Halaw mula sa disertasyon ni Gng. Carmela G. Ong*

**Episodo 1. Ang Kapanganakan ni Tudbulul**

May mag-asawang *Kmokul* at *Lenkonul* na naninirahan sa *Lemlunay*. Mayroon silang labindalawang anak na pawang mga babae. Hangad ni *Kmokul* na magkaroon siya ng kahit isang anak man lamang na lalaki na siyang papalit at magmamana ng kanyang tungkulin bilang datu ng *Lemlunay*. Kung kaya, humiling si *Kmokul* kay *Lenkonul* na kung maaari ay manganak pa siya ng isa. Dapat ito ay lalaki. Hindi nagtagal ay naglihi na nga si *Lenkonul*. Tuwang-tuwa naman si *Kmokul*.

Matapos ng ilang buwan, manganganak na si *Lenkonul*. Hindi nag-aksaya ng panahon si *Kmokul*. Agad siyang naglagay ng lubid na mahahawakan ni *Lenkonul* para sa kanyang panganganak.

Kamangha-mangha ang panganganak ni *Lenkonul*.

Unang isinilang ang tubaw, sumunod ang mga palamuti para sa katawan, sinundan ng kapangyarihan, sumunod ang pulseras para sa magkabilang bisig. Sinundan ito ng isang kalasag na kasinlaki ng dahon ng monggo na may salamin at mga bituin ang kabila at bahaghari naman sa kabila na may buhok na kidlat.

Sumunod na lumabas ang espada na may kasamang kaluban na punong-puno ng dekorasyon na maaari mong ipangwalis sa silong. Sumunod ang damit, sumunod ang salawal na gawa sa abaka. Lumabas rin ang tatu para sa katawan. Kasabay ring isinilang ang unan at ang estribo na may salamin.

Kasama ring ipinanganak ang puting-puting kabayo na kasinlaki ng bunga ng nganga na pinangalanang *Keunting*. Isinilid ito sa basket. At huling lumabas ang sanggol na pinangalanang *Tudbulul*.

Ipinalalagay na sa pagkakasilang kay *Tudbulul*, nagtataglay na ito ng kapangyarihan. Marunong na itong umupo at agad na humiling kay *Lenkonul* na pasusuhin na siya.

Kinabukasan, agad nang bumangon si *Tudbulul* sa kanyang higaan at tumuntong sa unan. Matikas na naglibot sa loob ng bahay. Dahan-dahan siyang naglakad sa loob ng bahay. Labas-masok sa silid at bumalik sa kanyang kulandong.

Paglabas ni *Tudbulul* sa kanyang kulandong, binatilyo na siya. Suot na niya ang mga palamuti sa kanyang katawan. Napakakisig niya at napakagandang lalaki.

Tuwang-tuwa si *Lenkonul* pagkakita niya sa gayak ni *Tudbulul*. Humingi si *Lenkonul* ng nganga kay *Kmokul* at sinabi niyang ang anak nila ay nagtataglay ng kapangyarihan. Sa katunayan, dagdag ni *Lenkonul*, noong siya ay magsilang, halos hindi niya na ito makayanan. Muntik na siyang sumuko. Ngunit alam niyang ang kanyang isisilang ay hindi pangkaraniwan kung kaya sinikap niyang mailuwal ito.

- |   |
|---|
| <ol style="list-style-type: none"><li>1. Sino ang pangunahing tauhan sa epikong iyong binasa? Ilarawan mo siya.</li></ol> |
|---|

Sinasabing ang lugar ng *Lemlunay* noon ay kinakatakutan ng mga tao dahil para itong pugad ng mga ahas, gagamba, at iba pa. Ngunit noong dumating na si *Tudbulul*, prinotektahan niya ang mga tao at sinabing walang maaaring makialam sa kanyang lugar. Hangga't siya ay naroroon, walang sinumang maaaring gumambala sa kanilang lugar.

Isang araw, gumayak si *Tudbulul* at nagpaalam sa kanyang mga magulang. Nais niyang ipaalam sa buong sangkatauhan na siya si *Tudbulul* ang anak ni *Kmokul* ng *Lunay Mogul*.

Sumakay siya kay *Keunting* ang kabayong kasabay niya sa pagsilang at sila ay naglakbay.

Si *Tudbulul*, ang palayaw niya ay *Semgulang*, lugar niya ang *Lemlunay*. Ang lahat ng mga tao ay pumupugay sa kanyang kapanganakan. Ang lahat ay nagbibigay ng handog para sa kanyang kasayahan.

## **Episodo 2: Ang Pagpapakasal ni Tudbulul**

Sakay ng kanyang kabayong si *Keunting*, nagpaalam na nga si *Tudbulul* sa kanyang mga magulang na sina *Kmokul* at *Lenkonul*. Siya ay tutungo sa kabundukan upang maghanap ng kanyang mapapangasawa.

Sa kanyang murang edad, nag-aalala ang kanyang ina dahil baka kung mapaano siya sa kanyang pakikipagsapalaran. Gayunpaman, pinanatag ni *Tudbulul* ang kalooban ng ina at nangakong mag-iingat siya sa kanyang paglalakbay.

Nagmadali siyang makarating sa pagtitipon ng mga tao upang makadalo sa isang kapistahan. Sa lahat ng madaraan niya ay parang nadaanan ng apoy. Ganoon kabilis ang kanyang paglalakbay sakay ng kanyang kabayo. Maraming lugar ang kanilang dinaanan.

Habang nasa kabundukan pa si *Tudbulul* inutos niya sa mga tao sa kapatagan na paderan nila ang kinatitirikan ng kanilang bahay dahil paparating na siya. Iyon ay upang maprotektahan ang mga ito sa apoy na nagmula sa kapangyarihang dala-dala niya. Naligalig ang mga tao. Sama-samang nagsikilos ang mga tao upang maitayo ang pader.

Nang makitang ligtas ang lahat, dahan-dahan nang lumapag si *Tudbulul* sa gitna ng kapistahan. Nagtilian ang mga kababaihan. Nagulantang si *Solok Minum*, ang kilalang pinakamaganda sa *Silow Gemlung*. Umalis muna si *Tudbulul* dahil ayaw niyang lumikha ng kaguluhan sa kapatagan dahil pinagkakaguluhan siya ng mga kababaihan.

Sa kanyang pagbalik sa kapistahan, nagpanggap siyang isang ordinaryong binatilyo at pinawi niya ang kaguluhan sa lugar.

Mainit siyang sinalubong ni Datu *Kwasa Badung*. Dahil ayaw ngumuya ni *Tudbulul* ng nganga na walang kasamang dalaga, inialok ng datu ang kanyang anak na si *Solok Minum* kay *Tudbulul* upang sabayan siya nito.

Nagkalapitan sila ng loob. Nang malaman ni *Kbaul Libun* ang pangyayari, pinayuhan niya si *Solok Minum* na huwag agad magpahalata na may gusto na siya kay *Tudbulul*. Sa halip ay magpakipot muna. Gayunpaman, sang-ayon si *Kbaul Libun* na mapangasawa ni *Tudbulul* ang kanyang kapatid na si *Solok Minum*.

Nagkasundo ang magkabilang panig sa dori na dapat ialay sa ama at ikinasal sina *Tudbulul* at *Solok Minum*.

2. Paano nagkakilala sina *Tudbulul* at *Solok Minum*? Isalaysay mo.

Iniuwi ni *Tudbulul* si *Solok Minum* sa *Lemlunay* at malugod naman silang sinalubong ni *Kmokul* at *Lenkonul* at inalayan ng gintong kwintas na nagpapahiwatig na malugod nilang tinatanggap si *Solok Minum*. Lumipas ang ilang araw dumating ang mga magulang ni *Solok Minum* at itinuloy na ang kasal nila ni *Tudbulul*. Pagkatapos ng kasal, umuwi na ang magulang ni *Solok Minum* at panatag namang lumisan si *Kmokul* patungo sa kabilang-buhay dahil alam niyang poprotektahan ni *Tudbulul* ang kanilang lugar.

### **Episodo 3: Si *Tudbulul* at ang Kanyang Labindalawang (12) Kapatid na Babae at ang Unang Pakikipagsapalaran Bilang Tagapamayapa**

Bunso si *Tudbulul* sa labintatlong anak nina *Kmokul* at *Lenkonul*. Ang kanyang mga kapatid ay sina *Knaban*, ang panganay, sumunod si *Boi Lembentung*, *Boi*

*Seket Kdukuy, Boi Seket Kdelum, Boi Kdungon Lemobung, Boi Eben Lobun, Boi Lilung Lemluyung, Boi Hmulok Wek, Boi Gofos Molung, Boi Lemknalum, Boi Kdelum* at si *Heniton Libun* ang bunso sa babae.

Bawat isa sa kanila ay may kanya-kanyang tungkuling ginagampanan sa buong *Lemlunay*. Ngunit wala sa kanila ang katangian ng isang mandirigma kung kaya naging pangarap ng kanilang amang si *Kmokul* ang magkaroon ng anak na lalaki.

Mahal ng kaniyang mga kapatid si *Tudbulul*. Sa katunayan, sila ang gumawa ng kanyang mga kagamitan mula sa kanyang tubaw hanggang sa kanyang mga palamuti sa paa. Ipinakita rin naman ni *Tudbulul* ang kanyang pagnanais na magkita-kita silang lahat upang lubos nilang makilala ang bawat isa, gayundin ang kanyang asawang si *Solok Minum*.

3. Paano ipinakita ng mga kapatid ni *Tudbulul* ang kanilang pagmamahal sa kanya?
4. Kung ikaw ay isang mandirigma, tutularan mo rin ba si *Tudbulul* bilang isang mandirigma? Bakit?

Sa episodong ito makikita ang mga kakayahan ni *Tudbulul* na sa pangangalaga ng kanilang komunidad. Pinaglalapit niya ang mga grupong may mga hidwaan at binibigyan niya ng kabuhayan ang mga kapos sa kanilang buhay. Dito niya sinimulan ang kanyang pagiging mandirigma at pagpapairal ng kapayapaan sa kanilang lugar.

Minahal siya ng mga tao dahil sa kanyang kabutihan at pagmamalasakit sa kanyang sinasakupan. Siya ang naging pag-asa ng mga mamamayan ng *Lemlunay*.

5. Sa iyong palagay, mahalaga ba ang pagkakaroon ng kapayapaan sa isang lugar?
6. Sa panahon ngayon, paano ka makatutulong sa pagpapanatili ng kapayapaan sa inyong lugar?



## **Surin**



Nagustuhan mo ba ang binasa mong epiko, kaibigan? Hindi ba't para ka na ring nanood ng isang maaksyong pelikula.

Bago magpatuloy sa susunod na gawain. Pag-aaralan mo muna ang kahulugan ng sanhi at bunga. Kapag ikaw ay nahihirapan sa pag-unawa ng mga kahulugang ito, maaari kang humingi ng tulong sa iba.

Ang **sanhi** ay tumutukoy sa ugat o dahilan ng isang pangyayari. Samantalang ang **bunga** naman ay tumutukoy sa resulta o kinalabasan ng pangyayari. Ito ay nakikilala sa tulong ng mga salitang pananda tulad ng kaya, dahil, tuloy at iba pa.

### Mga Halimbawa

**Sanhi:** *Gustong makaahon sa hirap ng buhay si Teresa*

**Bunga:** *kaya nagpupursige siya sa kanyang pag-aaral.*

**Sanhi:** *Nagmapalas ng galing sa pag-awit si Marco*

**Bunga:** *dahil dito hinangaan siya ng lahat ng manonood.*

Madali lang 'di ba? Ngayon ay magpatuloy ka na sa susunod mong gawain.



## Pagyamanin

Basahin at unawain ang balitang makikita sa ibaba. Pagkatapos, gawin ang nakahandang gawain sa pagtukoy ng sanhi at bunga batay sa iyong binasa. Gawing gabay ang grapikong pantulong na makikita sa ibaba.

### ECQ, ipinatupad sa Gensan

*ni James B. Lomocho*

Dahil sa patuloy na pagtaas ng bilang ng kaso ng Coronavirus Disease (COVID-19) sa bansa, ipinatupad ng pamahalaang lokal ng Lungsod ng Heneral Santos ang *Enhanced Community Quarantine (ECQ)* noong ika-22 ng Marso, 2020.


Layunin ng nasabing patakaran ang paglimita sa galaw ng mga tao na makatutulong upang maiwasan ang pagkalat ng virus sa lungsod.

Ipinagbawal muna ang labas-masok sa lungsod maliban sa mga *medical emergency* at *essential travel*.

Hinihikayat ang mamamayan na manatili lamang sa loob ng bahay at lumabas lamang kapag kinakailangan tulad ng pagbili ng pagkain, gamot at ibang pang kinakailangan.

Mahigpit ding ipinatupad ang pagsusuot ng facial mask at pag-oobserba ng social distance kapag lumalabas ng bahay.

Pansamantala ring ipinasara ang ilang establisyemento tulad ng mga *malls, salon, barbershop, resorts, hotel* at marami pang iba.



### **Isaisip**



Binabati kita kaibigan dahil naabot mo na ang bahaging ito ng modyul. Nagpapatunay lamang ito ng iyong determinasyon sa pagkatuto.

Ngayon, gawin mo ang mga gawain na makikita sa ibaba.



A. Punan ng sagot ang bawat *table* gamit ang Estratehiyang PMI- **Plus-Minus-Interesting** batay sa epikong, “Indarapatra at Sulayman.” Isulat nang mabuti ang iyong sagot.

<b>P</b>	<b>M</b>	<b>I</b>
Isaalang-alang ang mga <b>POSITIBONG</b> bagay na nagustuhan mo sa bawat pangyayari ng kuwento.	Isaalang-alang ang mga <b>NEGATIBONG</b> bagay na napansin mo sa bawat pangyayari sa kuwento.	Isaalang-alang ang mga <b>NAKAKAWILI O NAKAKAPAGBIGAY-SAYA</b> sa iyo sa bawat pangyayari sa kuwento.

B. Kumpletuhin mo ang pangungusap batay sa iyong natutunan sa modyul na ito. Isulat sa loob ng Bubble ang iyong sagot.

Maipapaliwanag ko ang sanhi ng isang pangyayari sa pamamagitan ng...

---



---



---

Maipapaliwanag ko ang bunga ng isang pangyayari sa pamamagitan ng...


---



---



---



### **Isagawa**

Sa bahagi namang ito, ay bubuo ka ng isang *infographics* na nagpapakita ng kaalaman tungkol sa Nobel Coronavirus (NCOV) sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangungusap na nagsasaad ng mga sanhi at bunga.

Ang *infographics* ay isang malikhaing presentasyon ng mga mahahalagang impormasyon gamit ang mga larawan, simbolo, at *graphics*.

Maaari kang pumili sa mga sumusunod na estilo sa paggawa ng iyong infographics.

- A. Collage**
- B. Powerpoint Presentation**
- C. Blog**
- D. Brochure**

<b>Pamantayan</b>	<b>Napakahusay (5)</b>	<b>Mahusay (4)</b>	<b>Katamtaman (3)</b>	<b>Nangangailangan ng Pagsasanay (2-1)</b>
Kabuluhan ng impormasyon	Mayaman at makabuluhan ang impormasyon	May sapat na impormasyon	May kakulangan sa impormasyon	Maraming kulang na impormasyon
Organisasyon ng impormasyon	Naihanay nang maayos at lohikal ang mga impormasyon sa paksa	Naihanay ang mga impormasyon sa paksa	May kalituhan sa organisasyon ng impormasyon	Magulo ang paghahanay ng impormasyon
Paggamit ng mga larawan at icons	Makahulugan at may kaugnayan sa paksa ang mga larawan at icons na ginamit	May kaugnayan sa paksa ang mga larawan at icons na ginamit	May ilang larawan at icons na walang kaugnayan sa paksa	Walang kaugnayan sa paksa ang mga ginamit na larawan at icons
Pagkamalikhain	Labis na kaakit-akit disenyo at maganda ang kombinasyon ng kulay na ginamit	Kaakit-akit ang disenyo at maganda ang kombinasyon ng kulay na ginamit	Di gaanong kaakit-akit ang disenyo at di gaanong maganda ang kombinasyon ng kulay	Hindi kaakit-akit ang at hindi maganda ang kombinasyon ng kulay na ginamit

Sa paggawa ng iyong gawain, gawing batayan ang rubrik na makikita sa itaas.



## **Tayahin**



Napakagaling mo kaibigan! Mahusay mong nasunod at nagawa ang mga gawain sa modyul na ito. Ngayon naman ay susubukin natin ang iyong natutuhan sa pagsagot sa mga katanungan na makikita sa ibaba. Isulat ang iyong angkop na sagot sa sagutang papel.

**A. Basahin ang mga linya mula sa binasang epiko at ibigay ang hinihingi sa bawat bilang.**

May mag-asawang *Kmokul* at *Lenkonul* na naninirahan sa *Lemlunay*. Mayroon silang labindalawang anak na pawang mga babae. Hangad ni *Kmokul* na magkaroon siya ng kahit isang anak man lamang na lalaki na siyang papalit at magmamana ng kanyang tungkulin bilang datu ng *Lemlunay*. Kung kaya, humiling si *Kmokul* kay *Lenkonul* na kung maaari ay manganak pa siya ng isa. Dapat ito ay lalaki. Hindi nagtagal ay naglihi na nga si *Lenkonul*. Tuwang-tuwa naman si *Kmokul*.

1. Bakit hiniling ni *Kmokul* sa kanyang asawang si *Lenkonul* na manganak pa ng isa?
  - A. dahil pawang babae ang kanyang mga anak
  - B. dahil gusto niyang magkaanak ng isang lalaki
  - C. dahil gusto nitong magkaroon ng napakaraming anak
  - D. dahil kailangan niyang mapanatili ang kanyang tungkulin

Tuwang-tuwa si *Lenkonul* pagkakita niya sa gayak ni *Tudbulul*. Humingi si *Lenkonul* ng nganga kay *Kmokul* at sinabi niyang ang anak nila ay nagtataglay ng kapangyarihan. Sa katunayan, dagdag ni *Lenkonul*, noong siya ay magsilang, halos hindi niya na ito makayanan. Muntik na siyang sumuko. Ngunit alam niyang ang kanyang isisilang ay hindi pangkaraniwan kung kaya sinikap niyang mailuwal ito.

2. Ano ang naging resulta nang malaman ni *Lenkonul* na ang kanyang isisilang ay hindi pangkaraniwan?
  - A. nabahala siya sa kanyang panganganak
  - B. nagulat siya at nahirapan sa kanyang panganganak
  - C. nawalan siya ng malay at hindi nito naisilang ang sanggol
  - D. sinikap niyang mailuwal ito kahit nahihirapan siya sa panganganak

Habang nasa kabundukan pa si *Tudbulul* inutos niya sa mga tao sa kapatagan na paderan nila ang kinatitirikan ng kanilang bahay dahil paparating na siya. Iyon ay upang maprotektahan ang mga ito sa apoy na nagmula sa kapangyarihang dala-dala niya. Naligalig ang mga tao. Sama-samang nagsikilos ang mga tao upang maitayo ang pader.

3. Bakit inutos ni *Tudbulul* sa mga tao sa kapatagan na paderan nila ang kinatitirikan ng kanilang bahay?
  - A. upang makuha ang atensyon ng lahat ng mga tao roon
  - B. upang kilalanin siya bilang isang makapangyarihang tao
  - C. upang maprotektahan ang mga ito sa apoy na nagmula sa kapangyarihang dala-dala niya
  - D. upang hindi matakot ang mga tao sa kanyang pagdating at umani ng paghanga mula sa kanilang lahat

Mainit siyang sinalubong ni Datu *Kwasa Badung*. Dahil ayaw ngumuya ni *Tudbulul* ng nganga na walang kasamang dalaga, inialok ng datu ang kanyang anak na si *Solok Minum* kay *Tudbulul* upang sabayan siya nito.

4. Ano ang naging bunga ng hindi pagnguya ni *Tudbulul* ng nganga kung walang kasamang dalaga?
- A. Nagalit ang datu kay *Tudbulul*.
  - B. Nagbigla ang lahat ng mga tao sa inasal ni *Tudbulul*.
  - C. Inialok ng datu ang kanyang anak na si *Solok Minum*.
  - D. Pinalapit ng datu kay *Tudbulul* ang lahat ng kababaihan sa kanilang lugar.

Sinasabing ang lugar ng *Lemlunay* noon ay kinakatakutan ng mga tao dahil para itong pugad ng mga ahas, gagamba, at iba pa. Ngunit noong dumating na si *Tudbulul*, prinotektahan niya ang mga tao at sinabing walang maaaring makialam sa kanyang lugar. Hangga't siya ay naroroon, walang sinumang maaaring gumambala sa kanilang lugar.

5. Ano ang naging sanhi ng pagkatakot ng mga tao noon sa lugar ng *Lemlunay*?
- A. dahil parang pugad ito ng mga ahas, gagamba, at iba pa
  - B. dahil magulo at palaging nag-aaway ang mga nakatira doon
  - C. dahil tirahan ito ng mga magnanakaw at ng mga mamamatay-tao
  - D. dahil pinaniniwalaan nilang maraming nakatirang engkato sa lugar

**B. Magbigay ng paghihinuha sa maaaring kalalabasan ng mga pangyayari mula sa binasang epiko, "Indarapatra at Sulayman." Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.**

6-7. Hindi pinaunlakan ni Sulayman ang kanyang kapatid na tulungan ang mga tao sa Mindanao.

8-9. Hindi nalaman ni Indarapatra na pumanaw si Sulayman sa pakikipaglaban nito.

10-11. Naging matapang ang mga tao sa pakikipaglaban sa mga halimaw.

**C. Ipaliwanag ang naging sanhi o bunga ng sumusunod na mga pangyayari.**

Sanhi

12. Pagtaas ng kaso ng COVID sa bansa



13. Pagpapatupad ng Clustering sa Gensan



Bunga

14. Home Quarantine →

15. Paglabag sa Curfew →



## Karagdagang Gawain



Isang masigabong palakpakan para sa iyo kaibigan!

Matagumpay mong naisagawa at natapos ang mga gawain sa modyul na ito. Alam kong nahasa mo na iyong sarili sa pagpapaliwanag ng sanhi at bunga ng mga pangyayari. Ikinararangal ko ang iyong pagsisikap sa pag-aaral.

Naniniwala akong maaabot mo ang iyong mga pangarap balang araw basta't ipagpatuloy mo lamang ang ganitong ugali sa pag-aaral.

Bago ka tumungo sa susunod na modyul, nais kong pumili ka ng isang paksa sa ibaba at ipaliwanag ang sanhi at bunga nito. Sumulat ka ng dalawang talatang balita ukol dito.

COVID-19


Community Pantry

Social Amelioration Program (SAP)



*Binabati kita kaibigan! Napakagaling mo! Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin sa araw na ito.*

*Bagaman tapos na tayo sa araling ito, ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin, ang **Modyul 5: PAGSUSURI NG ISANG DOKYU FILM***



# Susi sa Pagwawasto

<p><b>Tayahin</b></p> <p><b>A.</b> 1. B 2. D 3. C 4. C 5. A</p> <p><b>B.</b> <i>Mga posibleng sagot:</i> 6-7. Si Indarapatra ang lalaban sa mga halimaw 8-9. Hindi na muling mabubuhay si Sulayman. 10-11. Nagkaroon ng kapayapaan sa pulo ng Mindanao.</p> <p><b>C.</b> <i>Mga posibleng sagot:</i> 12. kawalan ng disiplina at hindi pagsunod sa ipinatutupad ng bansa 13. pag-iwas sa paglaganap ng virus sa lungsod 14. napapatinging ang relasyon ng pamilya 15. napapatawan ng kaparusahan</p> <p><i>Maaaring magbigago-bago ang sagot ng mag-awala para sa B at C.</i></p>	<p><b>Subukin</b></p> <p><b>A.</b> 1. maraming kaalamang makukuhang ipinagtatamong, isinasauli ang perang makita pamunupoy di malilimutan 4. mahal ang Diyos at kapwa niya 5. tuloy sa paggawa guro'y wala na</p> <p><b>B.</b> 6. E 7. A 8. D 9. B 10. C</p> <p><b>C.</b> 11. C 12. D 13. B 14. D 15. B</p>	<p><b>Pagymanin</b></p> <p><b>Sanhi</b></p> <p>1. pagtaas ng bilang ng kaso ng Coronavirus (COVID-19) 2. paglimita sa galaw ng mga tao na makatutlong upang matwasan ang pagkalat ng virus sa lungsod.</p> <p><b>Bunga</b></p> <p>1. Ipinagbawal muna ang labas-masok sa lungsod. 2. Hinihikayat ang mamamayan na manatili lamang sa loob ng bahay at lumabas lamang kapag kinakailangan. 3. Ipinatupad ang pagsusot ng facial mask at pag-observe ng social distance kapag lumalabas ng bahay. 4. Ipinasara ang ilang establisyemento.</p>
---	---	---

## Sanggunian

Ong, Carmela G. (2018). *Epikong Tudbulul: Paghahabi ng Kapayapaan ng Lipunang Tboli*. Disertasyon. Mindanao State University-Iligan City

EASE Filipino I. Modyul 3

EASE Filipino I. Modyul 18

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)